

Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II



MODYUL 15

ANG EKONOMIYA SA ASYA



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 15

ANG EKONOMIYA SA ASYA



“*Economic Miracle*”, iyan ang madalas na sinasabi kapag ang pinag-uusapan ay tungkol sa ekonomiya ng Asya. Bakit? Marami ang hindi makapaniwala sa mabilis na pag-unlad ng rehiyon.

Sa dami nga namang pinagdaanang krisis ng rehiyon kagaya ng pananakop, digmaan, kalamidad, at iba pa, hindi madaling tanggapin ng iba na parang himalang agad na nakabangon ang Asya.

Bagama’t may mga bansa pa ring mabagal ang pag-unlad, higit na nakararami ang patungo sa landas ng pag-unlad.

Ano na nga ba ang kalagayan ng ekonomiya ng Asya sa kasalukuyan? Malalaman mo ang kasagutan matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito.



May araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Katangian ng Ekonomiya ng Asya
- Aralin 2: Ang Pagpapaunlad sa Ekonomiya ng Asya
- Aralin 3: Antas ng Pagsulong at Pag-unlad sa Asya
- Aralin 4: Ekonomiya ng Asya sa Ngayon
- Aralin 5: Neo-kolonyalismo



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang mga katangian ng ekonomiya ng Asya;
2. Masusuri ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad sa Asya;
3. Masusuri ang mga anyo at tugon ng mga Asyano sa Neokolonyalismo;
4. Mabibigyang-puna ang mga pagbabagong naganap sa ekonomiya sa pagdaraan ng panahon;
5. Mauuri ang pinagkukunang-yaman ng Pilipinas;

6. Masusuri ang mga datos at kaisipan na may kaugnayan sa mga likas na pinagkukunang-yaman ng Pilipinas tungo sa matalinong paggamit nito;
7. Matatalakay ang bumubuo sa yamang-tao ng Pilipinas;
8. Malalaman ang pagkakaiba ng yamang-*napapalitan* sa yamang *di-*napapalitan**;
9. Makapagmumungkahi ng iba't ibang paraan ng pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa;
10. Maipapaliwanag ang kahalagahan ng balangkas ng populasyon sa ekonomiya ng bansa; at
11. Maitatangi ang mga wastong pagpapahalaga sa paggamit ng pinagkukunang yaman sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas sa konserbasyon, kapaligiran at likas-kayang paggamit (*sustainable use*).

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT

I. Tukuyin ang mga sumusunod. Hanapin sa ibaba ang kasagutan.

1. Kabuuang halaga ng mga kalakal at serbisyo sa loob ng bansa.
2. Bansang may pinakamataas na *Gross Domestic Product* (GDP) sa buong Asya (1998).
3. Tawag sa mayayamang pamilya sa Hapon noon na kumukontrol sa mga industriya ng bansa.
4. Ang muling nagbukas sa mga daungan ng Hapon.
5. Sa kanya galing ang repormang “*One Center, Two Basic Points*”

(GNP, GDP, Deng Xiaoping, Matthew Perry, Japan, Zaibatsu)

II. Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

HANAY A

1. Korea
2. Singapore
3. Malaysia
4. Philippines
5. China

HANAY B

- A. Deng Xiaoping
- B. Fidel Ramos
- C. Park Chung Hee
- D. Indira Gandhi
- E. Mahathir Mohammad
- F. Lee Kuan Yew

ARALIN 1

ANG KATANGIAN NG EKONOMIYA NG ASYA



Marahil malimit mong naririnig sa iyong Lolo na sa panahon nila marami silang nabibili sa kanilang piso. Ngunit ngayon kung may piso ka lang sa bulsa wala na masyadong mabibili. Ang sabi pa nga nila kahit maliit ang sahod nila noon magkakasya parin upang matugunan ang pangangailangan ng pamilya. Hindi katulad sa panahon natin ngayon na kahit marami kang pera mahihirapan kapang pagkasyahin ito.

Teka! Teka! May napansin kaba sa presyo ng ating bilihan? Tamaka, ito ay patuloy na hinihigit pataas. Ang patuloy na pagtaas ng presyo ay isang mabigat na suliranin ng ating bansa.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ang Katangian ng Ekonomiya ng Asya

Maraming beses nang naisulat sa mga aklat na mayaman sa yamang-likas ang rehiyon ng Asya kung kaya't isa ito sa mga dahilan kung bakit nakarating dito ang mga dayuhan.

Ang iba't ibang pagsubok na naranasan ng Asya ang nagpatatag dito upang sikaping muling makabangon. Tunghayan natin kung paano umunlad ang sistema ng ekonomiya ng ilang bansa sa Asya.

Tsina


<p style="text-align: center;">256 BC</p> <p style="text-align: center;">Sistemang Piyudal na pamamahala sa mga lupa</p>
<p style="text-align: center;">1860</p> <p style="text-align: center;">Pagpasok ng mga Kanluranin Nagpagawa ng riles, kalsada, at mga pagawaan</p>
<p style="text-align: center;">1920</p> <p style="text-align: center;">Lumitaw ang <i>Chinese Communist Party</i> Nagkaroon ng Reporma sa Lupa</p>
<p style="text-align: center;">1949</p> <p style="text-align: center;">Pagkakatatag ng Pamahalaang Komunista</p> <ol style="list-style-type: none">1. Kontrolado ang lahat ng pribadong lupa, pabrika, paaralan, istasyon ng radyo, pahayagan at mga bangko.2. Inaresto ang mga dayuhang misyonero at mangangalakal.3. Ang mga produkto sa mga pagawaan ay mahigpit na itinatakda ng pamahalaan.
<p style="text-align: center;">1953</p> <p style="text-align: center;">Inilunsad ang <i>Five-Year Plan</i></p> <ol style="list-style-type: none">1. Lumawak ang lupang pansakahan at naging matatag ang sistema ng irigasyon.2. Maraming pabrika at pagawaan ang naitatag.

<p>3. Naging masigla ang kalakalan, panlabas man o lokal.</p> <p>4. Pinag-ibayo ang mga produkto.</p> <p>5. Napaunlad ang mga sistema ng transportasyon tulad ng tren.</p>
<p style="text-align: center;">1958</p> <p style="text-align: center;">Inilunsad ang <i>Five-Year Plan II</i> Naging bantog ang <i>Great Leap Forward</i> Pinalawak ang industriyalisasyon at pagmimina ng yamang-likas tulad ng bakal.</p>
<p style="text-align: center;">1976-85</p> <p style="text-align: center;">Inilunsad ang 10 Taong Plano ng Modernisasyon Nakatuon sa agrikultura, tanggulang-pambansa, at agham at teknolohiya.</p>
<p style="text-align: center;">1990</p> <p style="text-align: center;">Patuloy ang pag-akit sa mga kapitalista at teknolohiyang kanluranin.</p>

Hapon

Ang kagila-gilalas na naging pag-unlad ng Hapon sa larangan ng ekonomiya ay naging inspirasyon ng maraming bansang Asyano. Mula sa pagiging wasak na bansa pagkatapos ng *World War II* ay nagawa nitong makabangong muli sa tulong na rin ng Estados Unidos. Hindi rin naging hadlang ang limitadong pinagkukunang-yaman nila. Pinagyaman nila ito at pinakinabangan nang husto sa tulong ng makabagong teknolohiya.

Paano ba unti-unting umunlad ang Hapon?




Mga patakarang ipinairal sa permanenteng pagtatrabaho:

- Mataas na kasanayan sa edukasyong lakas-paggawa
- Maayos na sistema sa gulang at katandaan
- *Work ethics* - ugali sa paggawa



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Isulat sa piramide ang mga kaganapan sa ekonomiya ng Tsina sa mga sumusunod na taon.



II. Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

HANAY A

1. Kinontrol ng estado ang mga pabrika, estasyon ng *tv*, at radyo.
2. Itinatag ang sistema ng irigasyon.
3. Nagkakaroon ng Reporma sa Lupa.
4. Nagpagawa ng mga riles, kalsada, at mga pagawaan.
5. Naging tanyag ang *Great Leap Forward*.

HANAY B

- A. 1920
- B. 1958
- C. 1900
- D. 1860
- E. 1953
- F. 1949



Tandaan Mo!



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Isulat ang **T** kung Tama ang sinasabi tungkol sa Hapon at **M** kung Mali.

1. Hindi na nakabangon ang Hapon matapos mabagsakan ng bomba atomika ang Hiroshima at Nagasaki.
2. Ang muling nagbukas sa mga daungan ng Hapon ay si Matthew Perry.
3. Pinaka-industriyalisadong bansa sa Asya ang Hapon sa kasalukuyan.
4. Hindi kailanman natalo sa digmaan ang Hapon.
5. Sobra o labis ang likas na yaman ng Hapon.

ARALIN 2

ANG PAGPAPAUNLAD SA EKONOMIYA NG ASYA



Alam natin ang lahat ng problema ay may dahilan. Ang pag-unlad ng ekonomiya sa Asya ay may dahilan. Ano kaya ang dahilan nito? Sa para maipagpapatuloy natin ang pagtatalakay sa araling ito gawin mo muna ang unang gawain.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

HANAY A

1. Mahathir Mohammad
2. Fidel Ramos
3. Lee Kuan Yew
4. Deng Xiaoping
5. Park Chung Hee

HANAY B

- A. South Korea
- B. Tsina
- C. Malaysia
- D. Singapore
- E. Pilipinas
- F. Taiwan

Ang Pagpapaunlad sa Ekonomiya ng Asya

Ano ang napansin mo sa mga larawan sa itaas? Nakikita mo ba ang mga ito sa ating bansa? Kung gayon, ano ang ipinahihiwatig ng mga ito?

Gaya ng makikita sa mga larawan, ang pagpapaunlad sa imprastruktura ang magiging susi sa mabilis at maayos na pakikipagkalakalan sa loob man o labas ng bansa. Ang mga bagong kalsada, tulay, daungan, riles, linya ng komunikasyon, elektrisidad, at iba pa ang hinaharap ng mga bansa sa Asya ngayon. Malaking pondo ang inilalaan ng pamahalaan para dito.

Subalit, isa lamang ito sa mga dapat isaalang-alang kung nais ng pangmatagalang pag-unlad. Kailangan ng matatag na pamahalaan, mga pribadong negosyo, at pamilihan ng mga eksport. Walang mamumuhunan sa isang bansang mahina at magulo sapagkat maaaring manganib ang kanilang kapital. Magiging matatag lamang ang pamahalaan kung matatag din ang pinuno.

Tunghayan natin ngayon ang ilang repormang isinagawa para sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng Asya.

1. Park Chung Hee... "Ekonomiya muna bago ang pamumulitika."
2. Deng Xiaoping ... "*One Center, Two Basic Points*"
3. Fidel Ramos ... "*Philippines 2000*"
4. Gloria Macapagal-Arroyo ... "*Strong Republic*"

Dahil sa pamumuno ni Park Chung Hee, ang dating mahirap na South Korea ay isa na ngayong *Tiger Economy* sa Asya. Nakikipagsabayan na sa pandaigdigang kalakalan ang mga produkto nitong mga kotse at gamit elektronikong pambahay.

Binigyang-diin naman ni Deng Xiaoping ang patakarang pagsunod sa pamunuang Sosyalismo at Komunismong nakasentro sa pagpapaunlad ng ekonomiyang may bahid ng kapitalismo.

Ninais noon ni dating Pangulong Ramos na matamo ang kakayahang makipagkompetensya sa pamilihing pandaigdig. Kasama na rin dito ang pagnanais na mailawan ang bawat tahanan at magkaroon ng malinis na tubig ang bawat gripo sa tahanan.

Strong Republic naman ang kay Pangulong Arroyo, isang matatag na pamahalaan na handang humarap sa lahat ng pagsubok lalo na sa paglaban sa kahirapan at sa *graft and corruption*.

Mga hamong kailangan harapin ng mga Asyano:

- Paano maipagpapatuloy ang pagiging epektibo at mabisa upang hindi naisasakripisyo ang kapaligiran?
- Paano makikipagsabayan at makikipagkompetensya ang mga produktong Asyano sa globalisasyon?

Mabigat ang hamon sa mga Asyano. Sa paglago ng industriyalisasyon, hindi maiiwasang masira ang kapaligiran. Kailangang mag-isip, magsaliksik, at gumawa ng mga polisiya kung paano matatamo ang responsableng pag-unlad nang may tamang pangangalaga sa kapaligiran.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- I. Direksyon: Hanapin at bilugan ang mga apelyido ng ilang pinunong Asyano ng hinihingi sa ibaba.


R	X	O	A	S	H	E	E	O
M	B	M	R	A	R	X	S	K
B	B	X	R	A	M	O	S	D
Q	R	M	O	H	A	M	A	D
S	O	Y	Y	E	W	S	I	N
X	I	A	O	P	I	N	G	M

1. Pinuno ng Singapore
2. May repormang “*Strong Republic*”
3. Pinuno ng Malaysia

4. “*One Center, Two Basic Points*” ang paniniwala niya
5. Namuno sa S. Korea at nagsabing “Ekonomiya muna bago pamumulitika.”

II. Pagbubuo: Dugtungan ang mga salita upang mabuo ang mga pangungusap.

1. Magiging maunlad ang ekonomiya ng mga bansang Asyano kung...
2. Anumang krisis ang dumating sa mga Asyano, kayang-kayang labanan kung...



Tandaan Mo!



Gawain 3: Paglalapat

Tukuyin ang mga sumusunod. Hanapin sa ibaba ang kasagutan.

(GNP, GDP, Deng Xiaoping, Matthew Perry, Japan, Zaibatsu)

1. Ang muling nagbukas sa mga daungan ng Hapon.
2. Kabuuang halaga ng mga kalakal at serbisyo sa loob ng bansa.
3. Sa kanya galing ang repormang “*One Center, Two Basic Points*”
4. Tawag sa mayayamang pamilya sa Hapon noon na kumukontrol sa mga industriya ng bansa.
5. Bansang may pinakamataas na Gross Domestic Product (GDP) sa buong Asya (1998).

ARALIN 3

ANTAS NG PAGSULONG AT PAG-UNLAD SA ASYA



Nalaman mo sa nakaraang aralin ang pagpapa-unlad sa ekonomiya na pinamamalas sa iba't ibang bansa sa rehiyong Asya. Ngayon naman sa araling ito ay tatalakayin natin ang antas ng pagsulong at pagunlad ng ekonomiya ng asya.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

I. Direksyon: Tukuyin ang bansang pinamumunuan ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa tabi ng pinuno.

1.

Park Chung Hee

 -- _____
2.

Lee Kuan Yew

 -- _____
3.

Mahathir Mohammad

 -- _____
4.

Joseph Estrada

 -- _____

II. Direksyon: Batay sa talahanayang nabuo mo sa Gawain 5, sagutin ang mga sumusunod:

1. Anong bansa ang nangunguna sa GDP?
2. Anong bansa naman ang nangunguna sa GDP per Capita?
3. Anu-anong bansa ang napasama pa rin sa 10 nangunguna sa GDP Per Capita?
4. Anu-anong bansa naman ang hindi napasama sa 10 nangunguna sa GDP per Capita?
5. Bakit nangyari ang ganito?

Kung di lubos na naunawaan ay maaaring makipagkita sa guro bago pumunta sa susunod na gawain.

Antas ng Pagsulong at Pag-unlad sa Asya

Kalagayan ng Ekonomiya at Antas ng Kabuhayan sa mga Bansa sa Asya

Rehiyon	Bansa	GDP	Per capita GDP (\$)
Silangang Asya	China	2.61 tri.	2,500.00
	Taiwan	290.5 B	13,510
	N. Korea	21.5 B	920
	S. Korea	591.00 B	13,000
	Japan	2.68 tril	21,300
	Mongolia	4.9 B	1,970
	Hongkong	-	27,500
Timog Silangang Asya	Pilipinas	180 B	2,530
	Indonesia	711 B	3,500

	Singapore	66.1 B	22,900
	Thailand	16.7 B	6,900
	Malaysia	193.6 B	9,800
	Brunei	4.6 B	15,800
	Myanmar	47 B	1,000
	Cambodia	7 B	600
	Vietnam	97 B	1,300
	Laos	5.2 B	1,100
Timog Asya	India	1.41 Tril.	1,500
	Pakistan	274 B	2,100
	Bangladesh	144.5 B	1,130
	Sri Lanka	65.6 B	3,600
	Bhutan	1.2 B	700
	Nepal	25.2 B	1,200
	Maldives	390 M	1,500
Timog Kanlurang Asya	Iran	323.5 B	4,700
	Syria	91.2 B	5,900
	Lebanon	18.3 B	4,900
	Turkey	345.7 B	5,500
	Jordan	19.3 B	4,700
	Israel	80.1 B	15,500
	Saudi Arabia	189 B	10,100
	Kuwait	30.8 B	17,000
TKA	Bahrain	7.3 B	12,000
	Qatar	10.7 B	20,820
	UAE	70.1 B	24,000

	Oman	19.1 B	10,800
	Yemen	37.1 B	2,520
	Afghanistan	12.8 B	600
Hilagang Asya		Walang datos	


*World Almanac, 1998

Ang GDP o *Gross Domestic Product* ay ang kabuuang halaga ng mga kalakal at serbisyo sa loob ng bansa. Ang *GDP per Capita* naman ang kita ng bawat tao mula sa GDP.

Kung susuruing muli ang talahanayang nabuo sa gawain, masasabi nating hindi garantiya na kapag mataas ang GDP mo ay mataas na ang GDP per Capita mo. Ang laki ng populasyon ng bansa ay isa sa mga sanhi nito. Kahit gaano kalaki ang kinita ng bansa kung marami rin naman ang aasa at makikihati dito ay mababa pa rin gaya ng kaso ng Tsina. Isa pang patunay nito ay ang Hongkong na napasama sa Top 10 sa GDP pero nangunguna naman sa GDP per Capita. Kahit di gaanong malaki ang GDP ng Hongkong gaya ng Japan, sa liit ng populasyon nito ay sobra ang kita para sa mga tao.

Sa mga bansang napabilang sa Top 10 GDP per capita, ano ang kapansin-pansin sa kanila? Saan sila magkakatulad? Anu-ano kaya ang mga salik na nakakaapekto sa ekonomiya ng isang bansa?

Hindi naging madali sa mga bansang Asyano ang pagtamo ng minimithing kaunlaran. Kung ilang ulit silang nalugmok subalit pilit pa ring bumabangon at nag-iisip, nagpaplano, kumukunsulta, at sumusubok ng iba't ibang estratehiya para magkaroon ng matatag na ekonomiya. Nagkakaisa ang maraming eksperto na ang mga sumusunod ang mga salik na maaaring maging daan sa pag-unlad o humihila para bumagal ang pag-sulong.



Maraming naniniwala na kaya mabilis ang pag-unlad ng Singapore ay dahil sa mahusay na pamumuno ni Lee Kuan Yew. Nakapagtala ito ng U.S. \$86 B, o \$20,730 per capita sa buong mundo. Ang kanilang ekonomiya ay nakasentro sa pinansyal at serbisyong pangkalakalan.

Ang mga sumusunod ang ilan sa sinasabing nakatulong sa pag-unlad ng Singapore:

- Pagiging disiplinado ng mga tao.
- Mahigpit na pagpapatupad sa mga batas lalo na sa pagpapanatili ng kalinisan ng hangin at katubigan.
- Maliit na populasyon.

Ang South Korea sa pamumuno ni Park Chung Hee ay kabilang na ngayon sa 4 *Tigers of Asia* gaya ng Singapore, Taiwan, at Hongkong. Ilan lamang ang mga

sumusunod sa mga hakbang na isinagawa ni Park Chung Hee na nakatulong nang malaki sa pag-unlad ng bansa:

- Pakikipagkasundo ng Korea sa Japan noong 1965 na kung saan ang isinantabi ang kahilingan sa mga nasira ng digmaan kapalit ng tulong pang-ekonomiya.

Sa kabilang dako, ang Pilipinas na dati ay nasa mataas na puwesto ngayon ay muli na namang bumabangon. Pagkakaiba naman sa relihiyon at paniniwala ang naging hadlang sa pag-unlad ng India at Pakistan.

Kung nais ang ganap na kaunlaran, kailangang tulung-tulong ang lahat ng mga salik upang walang maging hadlang at mabilis ang pag-unlad.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Direksyon: Itala ang mga bansang nangunguna sa bawat rehiyon batay sa GDP at GDP per Capita.

Rehiyon	GDP Bansa	Per Capita GDP Bansa
➤ Silangang Asya		
➤ Timog-Silangang Asya		
➤ Timog Asya		
➤ Timog-Kanlurang Asya		

Ano ang ibig sabihin ng pangunguna ng mga bansang ito?

Bakit kaya sila ang nangunguna sa kanilang rehiyon?

II. Direksyon: Isulat ang hinihingi sa bawat kahon.


A.

4 Tigers of Asia

B.

Katangian ng mga Hapon kung bakit sila maunlad

Tandaan Mo!



Gawain 3: Paglalapat



I. Direksyon: Isulat ang 10 bansang may pinakamataas ng GDP at GDP per Capita sa buong Asya.

GDP (\$)	GDP Per Capita (\$)
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.
6.	6.
7.	7.
8.	8.
9.	9.
10.	10.

II. Direksyon: Isulat ang O kung Opinyon at K kung Katotohanan ang mga sumusunod na pahayag.

1. Maaring umunlad din tayo kung papalitan ang sistema ng pamahalaan.
2. Si Lee KuanYew ang isa sa sanhi ng pag-unlad ng Singapore.
3. Kapag sagana sa likas na yaman, siguradong uunlad ang bansa.
4. Mahirap pakisamahan ang mga dayuhang mangangalakal.
5. Ang Taiwan ay kabilang sa 4 Tigers of Asia.

ARALIN 4: ANG EKONOMIYA NG ASYA SA NGAYON



Sa araw-araw ng iyong buhay, gumagawa ka ng mga pagpapasya. Mula sa oras ng paggising, sa pagsasakatuparan ng iyong mga gawain hanggang sa oras ng iyong pagtulog sa gabi. Anuman ang ginagawa mong pagpasya ay direktang makaaapekto sa iyong buhay.

Ang araling ito ay makatutulong sa iyong luminay at umunawa sa kalagayan ng ekonomiya sa asya sa kasalukuyan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto:

Ang Asya ang pinakamaunlad na bahagi ng mundo noong kalagitnaang panahon. Ang Syria ay bantog sa mga tela, espada, bakal at mga gamit na gawa sa pilak. Ang India naman ay kilala sa mga bulak samantalang ang Iran o Persia at Gitnang Asya ay kilala sa alpombra. Ang Timog Silangang Asya sa mga panangkap sa pagkain, samantalang ang Tsina ay kilala sa porselana at sa silk.

Subalit sa kasalukuyang panahon, karamihan sa bansang nasa Asya ay kabilang sa mga bansang papaunlad pa lamang liban sa bansang Russia, Japan, Israel at ang mga bansang mga mayayaman sa langis sa Timog Kanlurang Asya.

Ang Asya ay hindi nakasabay sa rebolusyong industriyal na tinamasa ng mga kanluraning bansa kaya karamihan sa mga bansa dito at mga tao nito ay nabubuhay na malapit sa hantungan ng pagkabuhay.

Ang agrikultura ay nananatiling dominanteng gawaing pang-ekonomiko sa buong asya liban sa Israel kung saan mababa pa sa tatlong porsyento (3%) ng populasyon ang nasa pagsasaka, Japan na may limang porsyento (5%) ng populasyong ang nasa pagsasaka at Kuwait na kung saan mababa pa sa dalawang porsyento (2%) ng populasyon ang nasa agrikultura. Kung paghahambingin ang proporsyon ng lakas

paggawa na nasa pagsasaka sa buong Asya may 54% sa Tsina, 46% sa Indonesia at 61% sa India at ang pinakamataas na 87% sa Bhutan.

May Apat na magkakaibang sistemang agrikultura ang matatagpuan sa Asya. Ito ay ang maliitang agrikultura, agrikulturang plantasyon, kolektibong agrikultura at papalit-palit na agrikultura. Ang maliitang agrikultura ang maliliit na pribadong sakahan ay may produktong pangkabuhayan at may mga pananim na maaring ibenta para sa pantahanang pagkunsumo o sa local na pamilihan ay matatagpuan sa mga bansang may kapitalistang ekonomiya. Ang kolektibong pagsasaka, kung saan ang produksyon ay batay sa sentral na pagpapalano ay isinasagawa sa Tsina. Ang agrikulturang plantasyon na kinabibilangan ng produksyon sa malalaking lupa ng isa o mangilanngilang produktong agricultural para sa banyagang pamilihan ay nakagawian na sa Timog Silangang Asya. Ang papalit-palit na agrikultura o pagkakaingin ay isinasagawa naman ng mga katutubong tribu sa tropical na kagubatan.

Ang pangunahing pananim sa Asya ay palay na karaniwang tinatanim sa pinatubigang sakahan tuwing tag-init. Ang ibang palay ay sa matataas na lugar tinatanim na wala ng irigasyon. Mahigit sa 90% ng bigas sa mundo ay nagmumula sa asya, mga 40% nito mula sa Tsina, 20% sa India, 7% sa Indonesia at 6% sa Bangladesh.

Ang trigo ang ikalawang mayor na pananim sa panahon ng tagtuyo sa hilagang Tsina, Turkey at sa mga pampang ng Dagat Mediteranean. Mga 10% ng trigo sa mundo ay produkto ng Tsina, 7% sa India, 4% sa turkey at 5% sa iba pang bansa sa asya..

Ang iba pang mayor na tanim na pagkain ay millet, sorghum, mais, barley, soybeans, at kaoliang. Ang pangkomersyal na produkto ay ang bulak (India at Tsina), seda (Tsina, India at Japan), jute (Bangladesh at Timog Silangang Asya), rubber at palm oil (Malaysia, Thailand at Indonesia), tubo (Pakistan, Thailand, Indonesia, Taiwan, India at ang Pilipinas), tsaang (India, Tsina, Indonesia at Japan), at kopra (Indonesia at Pilipinas).

Ang pag-aalaga ng hayop ay may malaking gampanin sa agrikultura sa Asya. Ang Tsina ang may pinakamaraming alagang baboy sa buong mundo. Ang baboy ay

madaling alagaan, nagbibigay ng abono, at ang karne nito ay pangunahing pinagkukunan ng protina sa pagkaing Tsino.

Ang kamel, na ginagamit sa transportasyon ay laganap sa mga tuyong lugar sa Asya. Ang mga tupa ay inaalagaan sa mga semi-arid na mga lugar gaya ng Soviet Asya, kanlurang Tsina at sa sentral na talampas sa India at sa gitnang silangang asya. Ang usa naman ay inaalagaan sa kanluraning bahagi ng Asiatic Russia.

Ang Japan, India at Tsina ay sagana sa pagkain. May mga bagong binhi ng trigo at palay na pina-unlad noong 1960 at 1970 bilang bahagi ng programang green revolution, na nagpaparami nang maka-apat na beses sa ani sa isang hektaryang sakahan sa maraming lugar, subalit ang mga ito ay nangangailangan ng mga abuno at masusing irigasyon. Dahil dito ang produksyon ng abuno ay lumaki ng husto gayon din ang bilang ng lupang may irigasyon. Ngunit liban sa Japan at Taiwan, ang mga abuno at irigasyon ay mahirap makuha ng lahat ng magsasaka. Yaong mga mahihirap at walang pambayad nito ay nagtitiis na lamang sa maliit na ani. Ito ang nagpabilis ng kasalukuyang konsentrasyon ng pag-aari ng lupa, kahit pa maraming repormang agraryo ang namahagi ng lupa sa ilang bansa, lalo na sa Tsina.

Ang paggamit ng makinarya ay hindi gaanong nagpataas ng produksyong agrikultural dahil ang agrikultura sa Asya ay tradisyonal na intensibong manggagawa. Mas marami pa ang problemang haharapin ng maraming bansa sa asya kung gagamit ng makinarya sapagkat mahihirapang hanapan ng alternatibong trabaho ang mga mawawalang trabaho sa sakahan dahil kalimitang mabagal ang pagsulong ng sektor ng industriya sa asya.

Marami sa asya ang natutuon din sa paggugubat at pangingsda upang matugunan ang local na pamilihan. Ang paggugubat at pangingsda ay mga pangunahing industriya sa Japan at Russia. Ang teak ay isang espesyal na trosong inaangkat mula sa Thailand at Burma.

Ang saganang yamang mineral ng Asya ang nagbibigay ng mga hilaw na materyales sa karamihan sa industriya ng mundo. Noong 1993, ang gitnang silangan ay nagkaroon ng 29% produksyong petrolyo sa buong mundo at 17% ng liquefied gas. Ang Russia at mga dating nasyon ng Unyong Soviet ay nag-ambag ng 24% sa kabuuhan ng produksyon ng coal sa buong mundo. Ang Tsina at India ay ang una at ikatlo sa buong

mundo ng opal samantalang ang Tsina ay ang ikaapat sa produksyon ng petrolyo. Noong 1995 ang mga bansa sa asya, liban sa gitnang silangan, Russia at mga bansa ng dating unyong soviet asya ay nagkaroon ng kabuuang 91% produksyon sa mundo ng magnesite, 80% ng iodine, 74% ng tungsten, 68% ng graphite, 64% ng barite, 56% ng tin, 55% ng semento, 33% fluorspar, 31% ng iron ore, 29% ng manganese at 26% ng nickel. Sa kabuuang halaga ng produktong mineral, ang asya ang nanguna sa lahat ng mga kontenente.

Ang industriyalisasyon ay malawakang pinaniniwalaan na solusyon sa problema ng kahirapan at kawalang trabaho sa asya. Ang Japan ay ipinakita ang bentahe ng “economic miracle” at napatunayan ng Taiwan, South Korea, Singapore at Israel na ang modelo ng hapon ay maaring tularan kahit saan man. Ang Timog Kanlurang Asya ay nakinabang sa banyagang tulong sa limitadong paraan, lalo na sa kaso ng Turkey subalit langis pa rin ang nakapagbigay ng maraming kapital na kailangan sa pag-unlad.

Ang Russia at Japan ang kabilang sa mga nangunguna sa mundo sa larangan ng manufacturing. Subalit ang pangunahing industriyal sa Russia ay nasa bahagi ng Europa. Ang Russian Asya ay isang imbakan ng yamang natural na hangang ngayon ay hindi pa nagagalaw dahil sa kawalan ng daanan tungo sa pamilihan. Ang Japan ay kulang sa hilaw na material sa industriya at nagpakadalubhasa sa produksyon ng makinaryang teknikal, kagamitang pang transportasyon at mga instrumentong eksakto na may mataas na halaga subalit kaunti sa rami.

Ang Tsina ay nageksperimento panandalian sa industriyalisasyong batay sa mahihirap noong 1958-60 subalit iniwan ang pamamaraang ito dahil maaksaya. Matapos ang rebolusyong cultural ang Tsina ay nagsimulang mag-angat ng makabagong teknolohiya mula sa kanluran upang pagtibayin ang programang industriyalisasyon. Ang mga industriya ay hinikayat na maging Malaya at tumugon sa kagustuhan ng pamilihan kahit pa bumagal ang reporma nito noong 1980. Katulad ng India, ang Tsina ang nangunguna sa magaanang manufacturing. Ang Timog Silangang Asya at Gitnang Silangan ay nagmamay-ari ng kakaunting mahahalagang rehiyong industriyal. Anumang maliit na manufacturing ang nananatili at konsentrado sa ilang mga kabisera at komersyal na lungsod. Sa Gitnang Silangan ang pag-unlad ng

industriya ay nagambala ng pananakop ng Iraq sa Kuwait noong 1990 na nagging giyera sa gulfo noong 1991.

Ang petrolyo ang pangunahing eksport ng mga bansang mayayaman sa langis sa gitnang silangan. Ito ay bumubuo ng 90% ng lahat ng eksport ayon sa halaga, ng Saudi Arabia at ang pangunahing eksport ng Iran at Kuwait, tulad ng sa Iraq bago magkaroon ng pandaigdigang embargo sa dalawang nasyon matapos ang pagsakop ng Iraq sa Kuwait noong 1990. Ang Indonesia ang kasalukuyang nag-iisang bansang may malaking eksport ng petrolyo sa mga bansang monsoon sa asya.

Ang rehiyonal na epekto ng pagsakop ng Iraq sa Kuwait na naghantong sa gera sa gulpo ay binubuo ng pagkawala ng kita ng mga daan-daang Palestino, Jordano, timog asyan at Pilipinong manggagawa sa rehiyon; ang pagtigil ng eksport sa pagtaas ng presyo ng langis at ang pagkawala ng kita ng mga Turko at Jordano mula sa kanilang eksport sa Iraq. Ang eksport mula sa Timog Silangang Asya ay binubuo ng mga produktong tropikal at mineral (rubber, palm oil, tubo, niyog, tin, bauxite) karamihan ditto ay dinadala sa mga industriyal na bansa sa mundo. Ang eksport ng India ay mga tela, produktong makinarya at handicraft. Ang pangunahing import ay ang produktong galing sa petrolyo. Ang banyagang kalakal ng Tsina ay tumaas noong 1980, subalit nahuhuli ito sa Taiwan at Japan.


Ang mga rehiyonal na pagtutulungan ay makikita sa Columbo Plan noong 1960, sa Asosasyon ng mga nasyon sa Timog Silangan (ASEAN) noong 1967 bilang pamalit sa SEATO, sa lagging nagkakahati-hating liga ng mga Arabo, noong 1945 at ang asosasyon ng timog silangan para sa rehiyonal na kooperasyon noong 1985



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Tandaan Mo!



A large rectangular box with a black border and a folded bottom-right corner. It contains the text "Tandaan Mo!" and an illustration of two children looking at a book.



Gawain 3: Paglalapat

ARALIN 5

NEO-KOLONYALISMO



Pagnarinig mo ang salitang Neokolonyalismo, ano ang sumasagi sa iyong isipan? Tinatalakay dito ang ibig sabihin ng neo-kolonyalismo at mga uri nito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto

NEO-KOLONYALISMO

Ano ang masasabi mo sa mga larawan sa itaas? Ilan lamang yan sa mga paraan ng pagsasamantala ng isang mayamang bansa sa isang mahirap na bansa na lumitaw pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Marami ang nag-akala noon na malaya na ang maraming bansa, subali't sa paglipas ng ga taon ay nagising ang mga bagong layang mga bansa na ang kalayaang kanilang natamo ay hindi ganap at totoo gaya ng kanilang inaasahan. Lumitaw ang isang bago at ibang uri ng pananakop na tinatawag na Neokolonyalismo. Ito ay hindi tuwirang pananakop dahil walang madugong labanan at mga armas, sa halip ay kontrolado ng isang mayamang bansa ang lahat ng aspekto ng kabuhayan ng isang mahirap na bansa gaya ng Pilipinas.


Uri ng Neo-kolonyalismo:

Ekonomiko

Ipinapakita ito sa pagbibigay kunwari ng tulong at pagpapautang para sa pagpapaunlad ng bansa, subalit ang totoo ay itinatali sya nito sa mga patakaran na pabor sa kanya.

Kultural

Ipinapakilala ng mga dayuhan ang kanilang mga musika, sayaw, palabas, babasahin, atbp na mas pinahahalagahan ng mga tao kaysa sa sarili nilang gawa.



Mahalaga na kumilos ang pamahalaan at mga mamamayan kung nais na makamit ang tunay na kahulugan ng salitang “kalayaan”. Kailangan ang Political Will at Strong Republic na siyang isinusulong ng Pilipinas sa kasalukuyan. Panahon na rin na pag-aralan ang ating mga batas na may kaugnayan sa pakikipagkalakalan at pagtuunan ng pansin ang tinatawag na Globalisasyon.




Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Direksyon: Sumulat ng isang sanaysay. Pumili ng isang paksa sa ibaba at talakayin.

1. Pagsikip, kaakibat ng Pag-unlad
2. Katatagan sa Gitna ng Krisis
3. Isang Bansa, Isang Lahi

II. Direksyon: Isulat ang T kung ang pangungusap ay Tama at M kung Mali.

1. Madaling masakop ang isang bansang walang matatag na pamahalaan.
2. Lahat ng tulong na ipinagkakaloob ay may hinihintay na kapalit.
3. Ganap na malaya ang isang bansa kung nagsasarili na ito sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.
4. Higit na maganda at matibay ang gawa ng ibang bansa sa lahat ng iba sa lahat ng klase ng produkto.
5. Mabuting ugali ang palaasa.





Gawain 3: Paglalapat



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

I. Tukuyin ang mga sumusunod. Hanapin sa ibaba ang kasagutan.

1. Ang muling nagbukas sa mga daungan ng Hapon.
2. Kabuuang halaga ng mga kalakal at serbisyo sa loob ng bansa.
3. Sa kanya galing ang repormang “*One Center, Two Basic Points*”.
4. Tawag sa mayayamang pamilya sa Hapon noon na kumukontrol sa mga industriya ng bansa.
5. Bansaang may pinakamataas na *Gross Domestic Product* (GDP) sa buong Asya (1998).

(GNP, GDP, Deng Xiaoping, Matthew Perry, Japan, Zaibatsu)

II. Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

HANAY A

1. Mahathir Mohammad
2. Fidel Ramos
3. Lee Kuan Yew
4. Deng Xiao Ping
5. Park Chung Hee

HANAY B

- A. South Korea
- B. Tsina
- C. Malaysia
- D. Singapore
- E. Pilipinas
- F. Taiwan



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT

- I.
 1. GDP
 2. Japan
 3. Zaibatsu
 4. Matthew Perry
 5. Deng Xiao Ping

- II.
 1. C
 2. F
 3. E
 4. B
 5. A

ARALIN 1 KATANGIAN NG EKONOMIYA NG ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- I.
 1. Sistemang Piyudal
 2. Pagpasok ng mga Kanluranin
 3. Lumitaw ang Chinese Communist Party
 4. Pagkakatatag ng Pamahalaang Komunista
 5. Inilunsad ang Five-Year Plan
 6. Inilunsad ang Five-Year Plan II
 7. 10 Taong Plano ng Modernisasyon
 8. Pag-akit sa mga Kapitalista

- | | | |
|-----|------|------|
| II. | 1. F | 4. D |
| | 2. E | 5. B |
| | 3. A | |

Gawain 3: Paglalapat

1. M
2. T
3. T
4. M
5. M

ARALIN 2 ANG PAGPAPAUNLAD SA EKONOMIYA NG ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. C
2. E
3. D
4. B
5. A

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- I. 1. Yew
2. Arroyo
3. Mohammad
4. Xiao Ping
5. Hee

II. Ipatsek sa gurong tagapamahala.

Gawain 3: Paglalapat

1. Matthew Perry
2. GDP
3. Deng Xiao Ping
4. Zaibatsu
5. Japan

ARALIN 3: ANTAS NG PAGSULONG AT PAG-UNLAD SA ASYA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

I.

1. South Korea
2. Singapore
3. Malaysia
4. Pilipinas

II.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I.

Rehiyon	GDP Bansa	Per Capita GDP Bansa
➤ Silangang Asya	Japan	Hongkong
➤ Timog- Silangang Asya	Malaysia	Singapore
➤ Timog Asya	India	Singapore
➤ Timog- Kanlurang Asya	Turkey	UAE

II. A. South Korea

Taiwan

Singapore

Hongkong

B. disiplinado

masipag

may kasanayan

Gawain 3: Paglalapat

I.

- | | |
|------------------|-----------------|
| 1. Japan | 1. Hongkong |
| 2. China | 2. UAE |
| 3. India | 3. Singapore |
| 4. South Korea | 4. Qatar |
| 5. Turkey | 5. Japan |
| 6. Iran | 6. Kuwait |
| 7. Taiwan | 7. Brunei |
| 8. Pakistan | 8. Israel |
| 9. Malaysia | 9. Taiwan |
| 10. Saudi Arabia | 10. South Korea |

II. 1. O

5. K

6. O

7. O

8. K

ARALIN 4 EKONOMIYA NG ASYA SA NGAYON

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Gawain 3: Paglalapat

ARALIN 5 NEO-KOLONYALISMO

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Ipatsek sa gurong tagapamahala.

II. 1. T

4. M

2. M

5. M

3. T

Gawain 3: Paglalapat

PANGWAKAS NA PAGESUSULIT

I. 1. Matthew Perry

2. GNP

3. Deng Xiao Ping

4. Zaibatsu

5. Japan

II. 1. C

2. E

3. D

4. B

5. A